

Pinapetrubayan
ng
Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

ANG Bayan

Indipetthala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



Ngayong Disyembre 26, 1982, ipinagdiriwang ng Partido Komunista ng Pilipinas ang ika-14 na anibersaryo ng muling pagtatatag nito.

Lipos ng tiwala sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, sa mamamayan at sa tagumpay ng rebolusyon, pinamumunuan nito ang pagsulong ng pakikibaka sa gitna ng umiinan na kalagayan (p. 3).

Malalim ang ugat nito sa masa, sa panamagitan ng mga sangay sa nayon at lunsod (pp. 8 at 10).

Lubos ang pamumuno nito sa hukbong bayan, na ang pundasyon sa ideolohiya ay laging pinatitibay at pinapumlad (p. 12).

DISYEMBRE 1982

NILALAMAN

Editoryal 2

1982: tumindi
ang mga kontradiksyon 3

Proletaryong lider
ng taumbaryo 8

Pampulitikang pamumuno
sa pabrika 10

Gawain sa ideolohiya:
Esensyal sa pagbubuo
ng BHB 12

Bandila ng pagsulong 15

Mga Balita 17

IPAGLABAN ANG MGA DEMOKRATIKONG KARAPATAN!

Muli na namang dinadamba ng pasistang diktadurang US-Marcos ang mga demokratikong karapatan ng mamamayan.

Mula Agosto, sunud-sunod ang pang-aaresto't pagkukulong sa mga lider-manggagawa, taong simbahan at kahit mga tauhan ng massmedia. Sa kanayunan, araw-araw na nilulupig ng pasistang militar ang masang magsasaka.

Pinalalawak pa ng diktadura ang ibig nitong sabihin sa "subersyon."

Noon, ang subersyon ay kinasasangkutan ng suporta o ayuda ng banyagang kapangyarihan. Ngayon, sapat nang ang isang lehitimong asosasyon ay tumanggap ng mensahe ng suporta, halimbawa, mula sa kamag-anak o kaibigan sa ibayong-dagat; masaring pagbatayan na iyon ng bintang na subersyon.

Nagbabala ang rehimen kamakailan na marami itong itinuturing ngayon na gawaing subersibo, kabilang na ang pakikipag-usap sa isang suspetsadong subersibo, o ang pagkakalista ng pangalan ninuman sa papeles ng organisasyong "subersibo."

At kamakailan, iniulat ang paniniyak ni Juan Ponce Enrile, ministro ng depensa, sa dati nang patakarang ng rehimen: na sinumang inaresto sa bintang na subersyon ay itinuturing nilang maysala hang-gat di niya napatutunayan ang kanyang kawalang-sala.

Ipinapahayag ng mga kilos na ito ang kahinaan at desperasyon ng pangkating US-Marcos.

Sa harap ng tiyak na paglala ng kalagayan sa ekonomya sa darating na taon, nangangamba ang rehimen sa ibayong pagpoprotesta ng taumbayan laban sa mas matindi pang kahirapan at pagkaspi. Bukod dito'y ipinapatupad ng mga papet na reaksyonaryo ang anti-komunistang krusada ng imperyalismong US, sa tangke nitong pigilan ang paglakas ng kilusang anti-imperyalista ng mamamayan ng daigdig.

Subalit sa panggagahis ng rehimen sa mamamayan, lalo lang itong kinapopootan ng mamamayan.

Sa harap ng kasalukuyang pag-igting ng pasistang panunupil, ano ang ating mga rebolusyonaryong tungkulin?

Dapat tayong manawagan sa malawak na masa ng mamamayan na ipagpatuloy ang pakikipaglaban para sa kanilang mga karapatan, at sa gayon, biguin ang pakanang patahimikin sila.

Palawakin pa natin ang nagkakaisang prente, sa loob at labas ng Pilipinas, laban sa pasistang diktadurang US-Marcos.

Konsolidahin at palawakin natin ang kilusang lihim, at gawin itong higit na laganap ngunit ligtas at masinsin; ang mga Komunistang nasa bag-as nito ay dapat umugat nang malalim sa masa at maging mga modelo ng disiplina, sipag, pagpapakasakit at pagtanaw sa malayo.

Itinataguyod na ng abanteng seksyon ng sambayanan ang pagbubuo ng rebolusyonaryong gubyrnong koalisyon na ipapalit sa reaksyonaryong rehimen US-Marcos.

Pagkaisahin at pakilusin natin ang mas malawak pang masa upang gawin itong isang realidad.



Litaw na litaw, nitong taong nagdaan, ang karupukan ng lumang sistema ng paghahari sa Pilipinas.

Uaihip sa buong mundong kapitalista ang marinding bugso ng krisis pang-ekonomya, na walang naging kapantay mula noong dekada ng 1930. Sa gitna ng krisis na ito, ang malakolonyal at malapyudal na ekonomya ng Pilipinas, na dati nang susuray-suray, ay ialong umuga at nanganib na magiba.

Ang sambayanang nagigipit ay nangahas lumaban sa iba't ibang paraan; patuloy na lumawak at lumalis ang rebolusyonaryong kilusan. Panibago't mas mariling panunupil ang itinugon ng diktadurang US-Marcos sa lubos nitong pagkakahiwalay.

Nawawarat ng masahas na mga kontradiksyon ang lipunang Pilipino.

Bumulusok pa

Palibhasa'y nakaasa hindi sa sarili, kundi sa dayuhang puhunan at pamilihan,

ang ekonomya noong 1982 ay iale pang bumulusok. Patuloy ang panghihina ng produksyon sa mga bayang kapitalista--pangunahin sa United States (US)--kayat umunti at bumaba nang husto ang halaga ng mga produktong naibenta ng Pilipinas sa ibayong dagat. Apektado di lang ang matagal nang mga prinsipal na eksport (asukal, tanso, langis ng niyog), kundi pati ang mga produktong "di tradisyunal" tulad ng pyesang elektroniko at kasuotan.

Kayat lalo pang lumubog sa utang ang diktadura (\$16 bilyon, o P144 bilyon na noong Setyembre), na dito lang umaasa para patuloy na makapag-import ng mga produkto at mapinansyahan ang mga pangunahing proyekto. Tinatayang 90 porsyento ng kita sa pag-eksport nitong 1982 ay napunta lang sa pagbabayad ng utang sa dayuhan.

Sa desperadong pagtatangkang nagpasok ng panibagong pondo, mistulang isinusu-

hasta ng rehimen ang Pilipinas. Kabilang sa mga dagdag na pang-akit sa dayuhang pamamahalaan, inilawit kamakailan ang pangakong ituturing na mamamayang Pilipino ang sinumang banyaga na maglalagak dito ng kapital na \$200,000. Garapal na pamabastos sa karangalan at angking mga karapatan ng mamamayang Pilipino?

Gayong walang kwarta para sa batayang pangangailangan ng bayan, sa pagwawaldas at pasistang militar ay todo larga. Para dito'y papataas at paparaming buwis ang sinisingil sa mamamayan, na lumiliit na ang tunay na kita at di makahabol sa mabilis na pagtaas ng mga presyo. Ginagatagan ang daanlibong manggagawang Pilipino na kumikita ng dolyar sa kanilang pagtatrabaho sa ibayong-dagat.

Maliwanag na ang mga patakarang idinidikta ng imperyalismong US sa papet nitong rehimen--sa pamamagitan ng Bangkong Mundyal at Internasyonal na Pondo sa Pananalapi--ay matatabang lubid na naggagapos sa Pilipinas sa pandaigdigang monopolyong kapital.

Bayan ang nagdudusa

Buong sambayanan ang nagkakarga sa mabibigat na suliraning resulta ng kriminal na paghahari ng imperyalismong US at pasistang barkadahang Marcos sa Pilipinas, at ang masang anekpawis ang may pinakamabigat na pasanin sa lahat.

Ang tunay na tantos ng disempleyo ay umabot ngayong taong ito sa mahigit na 40 porsyento ng kabuuang lakas-paggawa. Sa dami ng pagawaang nagsara o nagbawas ng produksyon, kabi-kabila ang nasisante o di nakapagtrabaho nang araw-araw (rotasyon). Sa lahat ng empresa, dinoble ang pagsasamentala sa naiilang manggagawa. Ang mga ito'y kinuba sa mabigat na trabaho't obertayn para sa napakaliit na sahod. Ang batayang minimum ng ordineryong nagtatrabaho ay P18. Malayo ang malayo ito sa P80 hanggang P100 na sa tantya'y kailangan ng anim-kataong pamilya para mabuhay nang medyo disente sa kasalukuyan.

Lumawak noong unang bahagi ng 1982 ang kilusang welgang bumugso noong 1981. Tampok dito ang pagtigil sa trabaho ng 18,000 manggagawa sa Bataan Export Processing Zone noong Hunyo. Sa harap nito, noong Hunyo at Agosto, ipinataw ng rehimen ang mas mapanupil pang mga batas, at isinunod ang pambibilanggo, noong Agosto rin, sa ilampung unyonista sa bintang na subersyon.

Sa kanayunan, ang 1982 ay naging isang taon na naman ng paghihikahos para

sa masang magsasaka. Nagdildil ng asin ang mga nasa niyogan at tubuhan. Ang mga nagtatanim ng palay ay kinapop din: walang pera ang rehimen para bilhin ang kanilang produkto sa nababa na ngang presyong pansuporta, kayat mga negosyanteng usurero ang namayani sa pamimili ng palay. Samantala, patuloy ang pagtaas ng mga produktong imperyalistang kailangan sa pagbubukid, gaya rin ng sarisaring sinisingil ng rehimen sa mga magsasaka.

Dagdag pa rito ang karahasang dinadanas ng masang magsasaka. Itinatagoy sila ng mga korporasyong nang-agaw ng lupa, at paparami ang mga hamlet at regrouping na pinagkukulungan sa kanila kaugnay ng mga pasistang operasyong militar laban sa rebolusyonaryong masa at hukbong bayan. Sa mga prontera, ang mga settler at pambansang minority ay dinadambong ng mga reaksyonaryong pwersang paramilitar. Sa lahat ng dako, libu-libong magsasaka ang nawawalan ng kabuhayan at nagiging manggagawang bukid.

Ang petiburgesya sa mga syudad at sentrong bayan ay lubha ring naghihirap, laluna ang mga titser, nars at empleyado ng gubyrno. Di nila mapagkesya ang maliit at nakapakong kita, sa bigat ng mga buwis at taas ng presyo ng lahat ng bilihin at serbisyo. Tinatamaan na rin sila ng kamay na bakal ng diktadura, na nanalarna sa lumalaki't tumatapang na partisipasyon nila sa rebolusyonaryong kilusan. Tuwirang pagbabanta sa kanilang lahat ang mga pang-aaresto't panggigipit nitong huling mga buwan sa mga tauhan ng simbahan at ng masmidya.

Naggingitngit ang pambansang burgesy sa pagbara ng rehimen sa kanilang inisyatiba alang-alang sa interes ng mga imperyalista at pangkating Marcos. Lubog sa utang, ang mga bodega'y tambakan ng mga produktong di malipagbili--marami na namang empresang Pilipino ang nabangkarore nitong 1982. Tuwing mangangahas dumaling ang mga katutubong kapitalista, tinutuya pa ng rehimen ang kanilang kahinaan.

Palatandaan ng grabeng sakit ng lipunang Pilipino ngayon ang laganap na krimen, na madalas ay gawa ng mga tauhan at upisyal ng reaksyonaryong AFP. Naging bantog sa mundo ang dami ng puqa--babae, lalaki, batang maliit--na di maihiwalay na bahagi ng turismong ipinagtutulakan ng bulok na rehimen.

Palatandaan ang lantarang panghuhut-hot ng mga upisyal ng rehimen, sibilyan at militar, na pawang gumagaya sa pagpapayaman ng mga Marcos, Romualdez at iba pang pasismong ng naghaharing pangkat. Nariyan din ang kakulangan o kahi-

naon ng mga serbisyonang pambayan tulad ng pabahay, pagamutan, tubig, kuryente, kalinisang publiko at iba pa.

Pasistang dahas

Unangdaluyong ang agos ng rebolusyon, at dahas ang pangunahing ginagamit ng rehimen para pigilin ito.

Kung sa nakaraan ay malaki-laki ang papel ng panlilinlang--halimbawa, sa pamamagitan ng ilang limitadong pagluluwag noong maagang bahagi ng 1981, nang alisin kunwari ang batas militar--tumampok ngayong 1982 ang garapalang pamimilit at karahasan laban sa sambayanang namumulat, nag-organisa at lumikilos sa rebolusyon.

Ang malaking lamang ng kaaway sa armas, makinarya ng panumupil, pinansya at materyal na suportang imperyalista ay ikinonsentra sa kampanya para durugin ang Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong mamamayan.

Bata-batalyong tropa ng AFP ang nag-operasyon sa lambak ng Cagayan, Montanosa, Timog Luzon, Panay, Samar at Mindanaw. Malakihan at matagalan ang kanilang mga kampanya (umasbot sa 4,000 ang kalabok sa isang operasyon), at may suporta mula sa himpangwid at dagat. Isang halimbawa ang "Oplan Cadena de Amor," na inilunsad nitong ikalawang bahi ng taon sa Quezon at Bikol.

Malaking gulo at pinsala ang nilikha ng mga pasistang tropa sa araw-araw na buhay ng masa. Patuloy ang pandudukot, tortyur, pagpatay at pagmamasaaker. Binubusalan ang mamamayan at sinasarhan ang mga daluyan ng ligal na pagpoprotesta. Sa lunsod at kanayunan, naglipana ang mga ispyang naghahanap ng bakas ng kilusang-libis.

Ngayong nakaraang taon, nagsimulang magtanghal ng kanilang palabas ang ilang nagtraydor na dating kasapi ng Partido na nagpapagamit at nakikinabang sa pakana ng rehimen na manira at mang-intriga sa hanay ng mamamayan. Mga bagong dagdag sila sa kalunus-lunos na hanay ng mga laos na pulitikong kunwa'y oposisyonista, mga lider manggagawa diumano, at mga rebisyonistang kaladkarin na pare-parehong kasapakat ng rehimen sa layunin nitong pabanguhin ang sarili at guluhin ang isip at kilos ng masa.

Ibinunsod ang lahat ng mga hakbang na ito--dahas at panlilinlang--upang ipagpilitan ang patuloy na paghahari ng imperyalismong US at pangkating Marcos, laban sa pagpupusiglas at paglaban ng sambayanan.

Sinasalakay ang mamamayan sa ngalan ng antikomunismo at pagkitil sa subersyon. Upang makapaniil ng mas marang pang tao, masataklaw na pagbabago ang ginawa na naman kamakailan sa batas. Napakadali ngayong ibintang ang subersyon sa anumang ibig parusahan ng rehimen. Ang pagtanggap ng alinmang organisasyong nagmamalasakit sa bayan ng anumang tulong mula sa ibayong dagat, halimbawa'y mga pahayag ng suporta, ay maaaring ituring na pruwera ng pagiging "subersibo."

Sapagkat napakaigting na't walang lunas ang pagkakahiwalay nito sa sambayanan, ang nalalabi na'tang sa naghaharing pangkatin ay ang tangkilik at suhay ng imperyalismong US.

Noong Setyembre, bumisita si Marcos sa kanyang mga amo upang ipangako ang katapatan at ang anumang nanaisin ng mga ito sa Pilipinas, laluna ang walang rendang paggamit ng mga baseng militar nila dito para sa pandaigdigang agresyon. Tinanggap niya ang basbas ng guberno ni Reagan, at ng mga monopolyong kapitalistang nagtipon upang dinggin ang kanyang ulat.

Mula noon, nag-ibayo ang bangis ng anti-mamamayang paninindigan at kilos ng rehimen. Ginaganap nito ang takdang papel sa istratahiya ng US para pangalagan ang imperyalistang interes at dominasyon sa Timog-silangang Asya.

Napapanday na kilusan

Ngunit hindi mga papet at tirano ang lumilikha sa kasaysayan ng Pilipinas, kundi ang masa ng mamamayan na ibinabangon ngayon ang kanilang kapangyarihan, inilipon ang kanilang lakas.

Para sa pambansa-demokratikong rebolusyon, ang 1982 ay naging taon ng tuluy-tuloy na pagtibay at pag-unlad.

Nitong 1982, ayon sa di kumpletong mga ulat, minsan sa dalawang araw ang lang--mas madalas kaysa sinundang taon--ay naglunsad ng taktikal na opensiba ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan. Higit na maraming malalakas na riple ang nasamsan sa kaaway nitong 1982 kaysa noong 1981. Parami nang paraming tropang regular ng kaaway, at mga pinuno nila, ang nalipol sa mga ambus sa komboy at patrulyang naglalalakad.

Sa kabuuan, napatunayan na ang kakayahang ng SHB na imantini ang inisyatiba at malayang megamniobra sa loob ng kampanyang pangungubkob ng kaaway. Umunti ang bilang ng mga labanang nasa depen-

sila ang mga Pulang Mandirigma, at sa karamihan ng mga ito'y nakaganti pa nga sila.

Tumataas ang kakayahang panlaban ng SHB sa abanteng subyugto ng istrategikong depensiba, at ito'y kitang-kita sa pagkakabuo at mabilis na pag-uulad ng mga ganap na yunit gerilya (GYG) sa mayorya ng mga larangang gerilya. Nagdaos ng mga treyning pampolitika't militar, at sa mga kumperensya'y nilagay ng mga pinunong militar ang mahahalagang karanasan sa pakikidigmang gerilya sa partikular na mga kundisyong kinakaharap.

Umunlad din ang pagbubuo ng mga milisyang bayan at mga yunit partisano. Samantala, ang mga sandatahang yunit propaganda (SYP) ay nagpatuloy na umalalay sa puspulang paghahanda sa panteritoryong mga komite ng Partido sa mababang antas, na siyang haharap sa gawaing masa ng SYP upang ang mga ito'y gawin nang mga ganap na yunit panlaban.



Ngayong taong ito, nabuksan ang ilang larangang gerilya sa Luzon (dalawa), Kabisayaan (isa), at Mindanaw (dalawa), at lumawak ang dati nang larangan. Lalo pang lumapad, samakatwid, ang saklaw ng operasyong napaglulunsaran ng pakikidigma.

Ang diin ng gawaing panghukbo sa darating na panahon ay sa komprehensibong pagpapalakas sa DHS, patuloy na pagpapalaganap at pagpapaligtas sa pakikidigmang gerilya, at mabilis na pagbubuo at pagpapalaganap sa mga ganap na yunit gerilya.

Napapanday sa kabuuang pagsuiling ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka ang matibay at malawak na suportang tinatamasa nito sa mamamayan sa loob at labas ng mga larangang gerilya.

Ang mga aksyong masang idineos ngayong 1982 ay hindi pumantay sa bilang at

dalas ng mobilisasyong naganap noong 1981, sa kanayunan man o kalunsaan. Sa kabilang banda, sa pamamagitan ng masigla't komprehensibong mga kampanya ng propaganda at edukasyon sa hanay ng masa, at sa mas malalim na mga panlipunang pagsisiyasat, umunlad ang mga pagsisiyap na iangat pa ang antas ng kanilang kaalaman sa pulitika at ikawing ang kanilang pagkilos kaugnay ng kagyat at lokal na mga usapin sa mas masakilaw na isyu at pakikibaka.

Binigyan ng masusung pansin ang mga usaping kaugnay ng pag-oorganisa sa masa, bilang paghahanda sa mas marilip pang panunupil ng isaway. May partikular na importansya para sa matagalang pagkilos ang pagbubuo at pagpapatatag sa masinop at malawak na kilusang lihim, na tumatagos at nakakubli sa hanay ng mga organisasyong masa.

Sa darating na panahon, titiyakin ang patuloy na pagbubuo, pagpapalakas at pagpapalakas sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa, at ang pagpapasigla sa iba't ibang tipo ng hayag na pakikibakang masa.

Ang rebolusyonaryong pwersang pinamumunuan ng Partido ang pinakamarang, pinakapursigido at pinakaorganizado sa lahat ng kumikilos ngayon laban sa diktadurang US-Marcos.

Subalit hindi sila nagsosolo sa pakikibaka.

Ngayong 1982, naging lalong matapang at mapanlikha ang ispontanyong pagkilos ng mamamayan, laluna sa hanay ng manggagawa at petiburgesya.

Patuloy ang armadong paglaban ng rebolusyonaryong mamamayang Moro at kanilang Prento para sa Pambansang Pagpapalayang Moro at Hukbong Bangsa Moro. May umunlad na iba pang mga grupo (ang ilan ay armado), na aktwal nang nakikipagtulungan at bukas sa mas abanteng kooperasyon sa pambansa-demokratikong pwersa.

Hakbang-hakbang, naitatayo ang pambansang nagkakaisang prento para sa paghabagsak sa pasistang diktadurang US-Marcos at paglitaw ng rebolusyonaryong gubyernong koalisyon.

Samantala, ang walang hupa't ihatang-panig na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan ay nagtulak sa maraming burges na pulitiko na maghanap ng lugar sa hanay ng anti-diktadura't maka-mamamayang pwersa. Laluna sa lokal na antas, damang-dama nila ang impluwensya ng kilusan.

Napapanday ang Kilusan

sa bawat liko at ikot

ng landas tungo sa tagumpay.

Ang makatarungang pakikibaka ng sambayanang Pilipino ay unaan ng maalat na suporta mula sa mapagkaibigang mga guberno, partidong pampolitika, organisasyon at mamamayan sa maraming dako ng daigdig.

Ang gawain sa pakikipagkaisang prentse sa darating na panahon ay magdidiin sa pagsisikap na makamit ang mas mahigpit na pagkakaisa at pagtutulungan ng lahat ng pwersang lumalaban sa diktadurang US-Marcos, habang sariling nagpursigi ang Partido sa pag-organisa sa iba't ibang sektor ng lipunan.

Ika-14 na taon ng Partido

Ang 1982, ika-14 na taon ng muling tatag na Partido Komunista ng Pilipinas, ay kinatampukan ng mahahalagang aral sa pamumuno sa pakikibakang mas komplikado at mas mataas ang antas, at sa pangangasiwa sa lumalaking organisasyon.

May mga baha-bahagi ng organisasyon ng Partido na nagtamo ng pinsala nitong nakaraang taon, at nahulog sa kamay ng kaaway ang ilang namumunong kadre. Gayunman, hindi huminto ang mabilis na paglaki ng Partido at ang mabisang pamumuno nito sa kabuuang takbo ng gawain.

Sinimulan, ipinagpatuloy o tinapos nitong 1982 ang mas masinsing mga pagsisiyasat sa iba't ibang usapin sa politika, ekonomya at lipunan. Sa panatagitan ng mga ito'y mas mahigpit na nasasapol ngayon ng Partido ang kalagayan sa bansa, sa daigdig at sa partikular na mga lugar at sektor.

Nagdaos ng mga kumperensya at paglalaman ng karanasan na nagluwal ng mayamang kaalamang nakabatay sa kongkretong praktika, at ng pagkakaisa sa mga patakaran at pamamaraan. Itinakda at pinalamnan ang oryentasyon sa iba't ibang linya ng gawain.

Kasiya-siya ang naging pagdami ng bagong kasapi ng Partido nitong 1982, kapwa sa kanayunan at sa kalunsuren (na naging makabuluhan ang paglaki ng kasapi-an). Masiglang ipinatupad ang pampartidong pag-aaral sa batayang antas, ngayundin ang mga ispesyal na kursong pangkadre.

Umunlad nang malaki ang kakayahan ng mga namumunong komite ng Partido sa antas ng distrito pataas, laluna sa pagtatasa sa kalagayan, pagbabalak, at paglalapat ng pangkahalatang mga panawagan, patakaran at balak sa kani-kanilang saklaw. Sistematiso nilang hinarap ang gawain at pinalakas ang kolektibong pamumuno, na ang kongkretong anyo ay mga pultaym na komiteng tagapagpaganap o kailihiman na may nakatayo na ring mga katulong na yunit. Makabuluhang pag-unlad din ang pagsasanib ng gawaing pampartido sa kalunsuren at larangang gerilya, sa ilalim ng mga komite ng distrito o probinsya.

Ang pagtatayo ng partido sa darating na panahon ay magdidiin sa higit pang pagpapatibay sa organisasyon, at sa pagpapaunlad ng maraming kadre mula sa hanay ng manggagawa, magsasaka at intelektwal.


Pagpasok sa 1983

Uminam nang uminam ang kondisyon para sa pagrerebolusyon.

Madilim ang pangitain para sa diktadurang US-Marcos sa susunod na mga taon. Patuloy na lalala ang krisis sa ekonomya ng US at mundong kapitalista, at sa kabilang banda, lumiliit ang posibilidad na mahalel uli ang reaksyon, ang si Reagan bilang presidente ng US sa 1984.

Samantala'y walang tigil na sumusunlong at lumalakas ang reholusyonaryong kilusan, napapanday sa bawat liko't ikot ng landas tungo sa tagumpay.

Pumapasok ang Partido Komunista ng Pilipinas sa ika-15 taon ng muling pagtatatag na matibay ang tiwala sa patnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong, sa sambayanang Pilipino, at sa tagumpay ng rebolusyon. ●



SANGAY NG PARTIDO

Proletaryong lder ng taumbaryo

Nag-ungat sa malawak na masa ng sam-bayanan ang Partido Komunista ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga sangay nito. Sa paparaming baryo sa lahat ng dako ng bayan, lumalago ang mga sangay na ito sa hanay ng masa, labana ng anakpawis--hangunguna sa pag-aaral ng kalagayan nila, sa pagbubuo ng kanilang pagkakaisa, sa pagsusulong ng kanilang pakikibaka.

"Karamihan ng mga sangay natin dito ay sangay sa baryo," sabi ni Ka Diego, isang pandistritong kadre. "Mahusay na naisasanib sa masa ang pamumuno ng Partido kaya't nadarama nila na ang proletaryong pamumuno sa rebolusyon ay nakau-gat at yumayabong doon mismo sa baryo nila."

Batayang organisasyon

Itinatayo ng Partido ang mga sangay nito sa mga pook ng tirahan, trabaho at pag-aaral. "Ang iba pang mga sangay dito ay nasa pagawaan at iskwela, at may sa-ngay din tayo diyan sa trochan."

Batayang organisasyon ng Partido ang sangay, na binubuo ng di kukulangin sa tatlong myembrong sama-samang humaharap sa mga gawaing palakasin ang Partido, isulong ang armadong pakikibaka at ita-tag ang nagkakaisang prentē. Nasa bata-yang antas ang organisasyong ito--ibig sabihin'y tuwiran nitong pinamumunuan ang masa sa isang maliit na teritoryo, gaya ng baryo o sityo, pabrika, o iskwela.

"Akala namin noong una, isa itong or-gano o isang namumuong komite," kwento ni Ka Diego. "Nang maging kasapi ako ng Partido, pinatulong ako sa kasamang gu-magabay sa isang grupong pang-organisa ng kabataan. Pero di ko alam na myembro ako ng sangay. Nabago lang ito nang ili-naw sa amin ng isang kadre ng seksyon na kahit hati-hati kami sa mga grupo, lahat kaming mga kasapi ng Partido na nakatira at kumikilos sa baryo ang siyang bumubuo ng sangay."

Kinakatawan ng sangay ang malasakit ng Partido sa masa. Ang pagkalinga ay tumatagos mula sa kabuuang pagsusulong sa rebolusyonaryong pagbabago hanggang sa pang-araw-araw na mga usapin sa kasa-latan ng bigas, mantika at asin, na ina-asikaso sa pamamagitan ng mga organisas-yong masa. Kinakatawan din ng lawat sa-ngay at ng lawat kasapi nito ang pres-tihiyo at impluwensya ng Partido.

Pagbubuo

Mahigpit na nakaugnay ang pag-orga-nisa sa masa at ang pagtatayo ng sangay ng Partido sa isang baryo. Habang dima-dami, lumalaki at tumatataag ang mga ko-mite at grupong pang-organisa ng masa sa baryo, natutukoy ang mga potensyal na kasapi ng Partido at naasasanay agad sila sa sistematiko, kolektibo at disiplina-dong pagkilos at pamumuno. Di masasaid na balon ng maraming mahuhusay na reklu-ta para sa Partido ang malalaki't mata-tatag na organisasyong masa.

"Noong nasa komite ng seksyon pa ako, kahit meron nang tatlong maisasapi sa Partido ay di pa rin namin itinatayo ang sangay hanggat wala pang mga grupo at komiteng pang-organisa sa baryo," kwento ni Ka Diego. "Saka lang namin nakita na mas mabilis pala ang hakbang-hakbang-na pag-oorganisa sa masa kapag may sangay na nakalubog at buong panahong umaatupag diro. Nang makapagtayo kami ng sangay sa ilang baryo, mabilis na bumwelo ang pag-tatayo ng mga komite at grupong pang-organisa sa mga baryong iyon. Kami naman ay nagkaroon ng dagdag na panahong asi-kasuhin ang gawain sa iba pang baryo."

Nagpatuloy sa paglalahad ang kasama. "Dati-rati, isa-isa pa naming kinakausap ang tatlo o apat na abantong aktibista sa isang baryo para bigyan ng kagyat na mga atas, at pag matagal kaming di naka-kapunta sa baryo nila, di sila nakapag-

kusa sa gawain. Ngayong buo na sila bilang sangay, natututunan na nilang magprograma at magtakda ng kumpas at harian ng mga gawain. Sila na mismo, inaalala-yan na iang namin."

Bilang mga yunit ng Partido, ang mga sangay ay binibigyan ng pang-ideolohiya, pampolitika at pang-organisasyong gabay, tinitiyak na madalas na isinasagawa ang punahan at pagpuna sa sarili (PPS), at tinitiyak na malusog ang pag-liral ng sistemang komite.

Pinatatalas ng materyalisang diyalektiko at istoriko ang kakayahan nilang magsuri nang wasto at magplano nang praktikal. Sa dami ng mga pangkahalatan at partikular na usaping kailangan nilang pag-ugna-ugnayin at bala-balansehin sa araw-araw, kailangang-kailangan nga nila ang Marxistang kasangkapan ng pagsusuri. Nakikita ang proletaryong pamumuno sa kanilang pag-saral at paglalapat ng proletaryong ideolohiya sa kongkretong kalagayan ng baryo.

Tinitiyak ng komite ng distrito na mainam ang kalagayan para umunlad ang mga sangay. "Nagbibigay kami ng pangkalahatang gabay at sinasanay ang mga komite ng seksyon na magbigay ng partikular na patnubay sa mga sangay," ani Ka Diego. "Tinitiyak nating nasasanay ang mga sangay sa pagiging tunay na mga pinunong malapit sa masa, tinitiyak na marunong silang magsuri sa mga kilos ng kaaway, tinitiyak na bawat sangay ay isang malusog at lumalagong organisasyon. Marami ring natututunan sa mga sangay ang mga kadre sa distrito at mga seksyon. Pinag-aaralan namin nang mabuti ang mga ulat nila, pinapakinggan namin ang mga problema nila, mga pagsusuri at mga mungkahi."

Mga gawain ng Partido

Malaking papel ang ginagampanan ng mga sangay sa baryo sa gawaing palakasin ang Partido. Sila ang nagrerekluta at nagpapaunlad ng maraming bagong kasapi mula sa hanay ng masang anakpawis sa mga baryo, alinsunod sa mga pamantayan at pamamaraang itinatakdang ng Konstitusyon ng Partido.

"Noong isang taon, napansin naming may kabagalan ang paglaki ng kasapiang ng mga sangay dito sa distrito," ani Ka Diego. "Napagsuri na napskataas pala ng pamantayan ng mga sangay sa pagtanggap ng kasapi habang kulang naman ng mga programa para sistematikong maiangat ang mga aktibista sa karapat-dapat na antas. Ngayon namang 1982, naging na ito. Kayat



halos nakakaagapay na ang paglaki ng kasapiang ng Partido sa pagdami at pagasasagawa ng mga gawain dito. Nakapaglipat pa nga ng ilang napapaunlad na kadre para kumilos sa ibang lugar."

Mahalagang ambag din sa armadong pakikibaka ang pagpapalitaw ng paparaming kadre mula sa mga sangay. Habang nagkarkoon ng sapat na kadre sa mga panteritoryong organo, tulad ng komite nina Ka Diego, naililibre ang mga sandatahang yunit propaganda sa pangunahing pagbabalikar sa gawaing masa, at naitutuan ang gawain ng Bagong Hukbong Bayan sa pagbuho ng mga ganap na yunit gerilya (GYG). Ang paghahandang itayo ang mga basang gerilya ng SHB ay lubos na mahalagang kontribusyon ng mga sangay sa pagsusulong ng digmaing bayan, sa pamamagitan ng kanilang pamumuno sa pakikibaka at mga organisasyon ng masa sa baryo.

Sukod pa ang palagiang pagsuporta ng mga sangay sa hukbong bayan--paghahanda at panimulang pagsasanay ng mga bagong mandirigma, pagtatayo ng milliyang bayan, pag-aasikaso sa mga pangangailangan ng hukbo sa lohistika, medikal, komunikasyon, paniniktik at iba pa.

Sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang masang gulugod ng malawak na nagkakaisang prente, tuwiran ang papel ng sangay sa baryo. Ito ang nagbibigay

ng sistematikong pampulitikang edukasyon sa masa, mula sa mga pormal na kursong pag-aaral hanggang sa pakikipagtatalakayan sa mga indibidwal na pamilya. Ito ang pamumuno sa pagkilos ng masa sa baryo para sa militanteng mga aksyong masa. Ito ang nagtatayo ng solidong mga organisasyon ng masang anakpawis na saligang alyansa ng nagkakaisang prento. Inaasinkaso rin nito ang tamang relasyon sa mga mayamang magsasaka, propesyonal, komersyante at iba pang taong nakaaangat ang kabuhayan, at hinihikayat silang maki-pagkaisa sa masa. Ang lahat nito'y naglalalag ng batayan para sa pagtatatag ng lokal na mga organo ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika.

PAMPULITIKANG PAMUMUNO SA PABRIKA

"Kasama" ang tawagan sa isa't isa ng mahigit 5,000 manggagawa sa pabrikang Iyon na pag-aari ng mga malaking kapitalistang kumprador. Litung-litong ang mga ispya ng militar at kumpanya na itinanap sa pabrika sa pagtukoy kung sino talaga ang mga kasapi ng Partido sa mga manggagawa.

Karaniwan na sa mga manggagawa ang tawagang ito simula 1981, nang pamumuan ng sangay ng Partido ang pang-unyong pakikibaka sa pabrika at dalhin ito sa pampulitikang pakikibaka.

"Inugnayan ng mga kasapi ng Partido mula sa labas ang pailan-ilang manggagawa sa pabrika noong 1976," ayon kay Ka Ermin, kalihim ng sangay. "Noong 1979 na lang may nalangat sa Partido, at nabuo ang sangay noon na lamang 1981. Ngunit manipis na manipis pa ang hanay ng mga manggagawang napapakilos at nauugnayan, at nakakonsentra lang sa isang departamento."

Sinuri ng sangay ang nakaraang mga pagkilos sa pabrika at ang mga dahilan kung bakit nabagal ang pag-unlad ng rebolusyonaryong pwersa. "Kulang na kulang ang lahatang-panig na pampulitikang paglalantad ng mga isyu," pahayag ni Ka Ermin. "Naging konserbatibo tayo sa pamumuno sa mga pang-unyong pakikibaka."

"Paano ugat ang Partido sa masang manggagawa kung hindi natin pamumunuan

Sa pambitong mga paraan, napapakilo ang mahalagang papel ng mga sangay sa baryo sa pagharap ng Buong Partido sa tatlong pangunahing gawain nito. Tumitingkad pa ang kahalagahan ng papel na ito laluna't luma-laki at nagpapaligaya sa mga ang mga gawing hinaharap ng Partido sa pagsusulong nito ng digmang bayan sa abanteng subyugto ng istratohikong dependensiba.

"Ang pagkilos ng mga sangay ng Partido sa mga baryo ay napakalaking bahagi ng wastong pamumuno ng Partido sa batayang antas. At ang wastong pamumunong ito ay patuloy pa nating pinalalakas," pagwawakas ni Ka Diego.

ang kanilang pang-unyong pakikibaka?" ang isa sa mga tanong nina Ka Ermin noon sa mga pulong ng sangay. "Araw-araw na humihigpit ang pagkakasaknail sa manggagawa dulot ng paglala ng ekonomya. Kung hindi natin baharapin ang kagyat na mga isyu, paano pa ang mas pundamental na mga problema?"

Nagkaisa ang sangay sa kahalagahan na pamumuan ang pang-unyong pakikibaka. Ar sa pamumunong ito'y idiniin ang tungkulin ng sangay na ikawing ang pakikibakang manggagawa sa mas masaklaw na pakikibaka ng sambayanan laban sa diktadurang US-Marcos.

Mula rito'y ginamit ng sangay ang lahat ng pagkakataon para mapalakes ang rebolusyonaryong pwersa sa pabrika. Isa na nga rito ang paglahok sa certification elections (CE, o eleksyon para piliin ang unyong kikilalanin ng kumpanya).

Ligal na plataporma

"Isang ligal na platapormang nagtataglay ng ating pampulitikang oryentasyon ang ihinarap sa mga manggagawa," ayon kay Ka Ermin. "Sa pamamagitan nito, ipinaliwanag ng sangay sa kanila na ang mga problema nila tulad ng mababang sahod, lay-off, rotasyon, paglala ng kondisyon sa trabaho, preventive suspension, pagsikil sa karapatang magwelga at mag-unyon ay resulta ng matinding pananalakay ng monopolyong kapital, at ang pangahayupapa rito ng rehimeng Marcos."

Patuloy ni Ka Ermin: "Nagawa ng sangay na maliantad ang pananagutan ng rehimeng US-Marcos sa pagtindi ng pagsasamantalala at paninikil sa mga manggagawa. Isa-isang binatikos ang mga batas at patakaran ng rehimen sa karapatang magwel-

sa pagpako sa sahod, eksportasyon ng lakas-paggawa, pagkapan sa kilusang unyon (o ang tinatawag na tripartismo), at iba pa."

Habang inilalantad ito'y itinuro din ng sangay ang direksyon na dapat tahakin ng pakikibakang pang-union. "Sinabi natin sa mga manggagawa," sabi ni Ka Ermin, "na hindi lamang ang kumprador na kapitalista ang katunggali nila, kundi ang rehimeng US-Marcos na kumakatawan sa interes ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri."

"Isa pa, hindi lamang ang mga manggagawa kundi maging ang iba pang sektor ng mamamayan ay hikahos at sinisikil ng sistemang malapyudal at malakolonyal. Sa pamamagitan ng malawakang propaganda-manipesto, pulong masa, bahay-bahay na kampanya-naipenabot natin sa mga manggagawa na ang pakikibaka'y hindi lapang umiinog sa pabrika o sa mga usaping pangmanggagawa. Kailangang lumabas sila, at makilala sa buong uring manggagawa at buong sambayanan, sa paggigili sa kaniilang nakatarungang ipinaglalaiban."

Pulitika ang batayan

Sa pagpili ng partikular na taktiks, pulitika ang naging pangmaging batayan, ayon kay Ka Ermin. "Sinuri ng sangay ang iba't ibang unyon o pwersang kalahok sa CE batay sa kanilang pampulitrikang pagtugon sa iba't ibang usaping pangmanggagawa at bayan," anyo. "Maaga pa lamang ay nananalig na noon ang mga dilawan na suportado ng imperyalistang ahensya ng paggawa at maging ng kampanya. Lantarang ikinakulat ng mga dilawan ang pagtinging hindi raw dapat makilala ang mga manggagawa sa pulitika at dapat daw ay walang bahid ng komunismo ang unyon."

Sa limang unyong naglalaiban, ipinasya ng sangay na suportahan ang isa na may pinakamalaking potensyal na magdala ng pusayong palaban, antipasista at anti-imperyalista. "Ang babol natin noon ay madala ng sinusupoportahang unyon sa kaniilang plataporma ang ating linya, at buwag piliting manalo sa eleksyon kung hindi talaga kays. Noong una, dehado ang sinusupoortahan nating unyon," dagdag ni Ka Ermin.

Lumapit ang mga kasapi ng Partido sa mga lider ng iba pang unyon at nakipag-ayansa sa kanila. "Kinasalyado natin ang mapagkaibigan sa kanila batay sa kaniilang pagtingin sa mga isyu," pagdidiin ni Ka Ermin.

"Iniwasan nating maging personal ang tunggaliang pang-union sa pamamagitan ng pagtataas ng mga isyu sa pulitika. Ipinaliwanag sa kanila kung ano ang wastong

pagtingin sa mga isyong pangmanggagawa. Habang ipinapakita na kinakilala natin ang kagustuhan nilang tunay na maglingkod sa kapwa manggagawa.


"Bunga nito, nakaisa natin ang maraming lider, nakapagpropaganda tayo sa base nila, at naibukod ang mga dilawang naglilingkod sa interes ng diktadurang US-Marcos."

Kilusang lihim, lumawak

Sa pagsigla ng pang-unyong pakikibaka, unti-unti ring lumawak ang kilusang lihim. Binuo ang mga abanteng manggagawa na namulat sa takbo ng kampanya sa mga komiteng unyon ng planta (KUP) na direktang nasa ilalim ng sangay. Sa mga lihim na pag-aaral, ipinakilala sa kanila ang Partido at ang Marxista-Leninistang kaisipang pumapatnubay dito. Napatalim ang pag-unawa nila sa pangangailangang pamanuan ng proletaryado ang pakikibaka para agawin ang kapangyarihang pampulitika mula sa reaksyonaryong naghaharing uri, at itatag ang sosyalismo na transisyon sa komunistang lipunan sa hinaharap.

Sa takbo ng kampanya, unti-unti ring lumakas ang suporta ng mga manggagawa sa unyong impluwensyado ng Partido. Ipinasya noon ng sangay na ituhos ang lahat ng pagsisikap para maipanalat ang unyon. "Noong kalagitnaan ng kampanya, pumantay na ang pwersa natin sa pinakamalakas na kalahok, ang unyong suportado ng mga imperyalista," paglalahad ni Ka Ermin.

"Noong panahon ng kampanya, pany-pany ang gamit ng maka-imperyalistang



unyon ng mga bintang na 'aktibista,' 'subersibo,' 'komunista' para siran ang ating pwersa. Ngunit naging daan lamang ito para sailinaw sa mga manggagawa ang tunay na katuturan ng pagiging aktibista at komunista, at nailantad pati ang rehimen ng Marcos bilang tunay na subersibo."

At gaya ng tumpak na inasahan ng sangay, naipanalala sa eleksyon ang unyong impluwensyado ng Partido. Ngunit isa lamang ito sa mga tagumpay na inani ng rebolusyonaryong pwersa sa pabrika.

Inang tagumpay

Ilang beses dumoble ang lawak ng kilusang lihim matapos ang isang taong puspulang paglahok at pamumuno ng sangay sa pang-unyong pakikibaka, patunay ni Ka Ermin. Bukod sa napataas ang lakayahan ng sangay sa pamumuno, nabuo pa ang tatlong grupo ng Partido: isa sa pamumuno ng unyon, at tig-isa sa dalawang malaking dibisyon ng pabrika. Walong daang porsyento ang inilaki ng masang aktibista. Nabuo ang mga KUP sa halos lahat ng departamento. At mas maraming manggagawa ang nagsimula nang lumahok o dumalo sa mga pampulitikang mobilisasyon sa labas ng pabrika.

Sa antas ng pang-unyong pakikibaka, naipatok kaagad sa ligal na programa ng unyon ang kurso sa militanteng unyonismo. Napatingkad sa isip ng manggagawa ang tiwala sa sama-samang pagkilos, sa halip na umasa sa "abilidad" kundi man sa husay ng sinumang lider. At sa halip na mahati ang hanay ng mga manggagawa, nakamit ang pagkakaisa nila matapos ang eleksyon, at mabisang naibukod ang ilang dilawan.

"Mapagpasya sa lahat ng tagumpay na ito ang pagdadala ng rebolusyonaryong linya ng Partido," muling pagdidin ni Ka Ermin. "Sa buong panahon ng kampanya, nagtagumpay ang sangay na maiangat ang pakikibakang manggagawa sa antas ng pampulitikang pakikibaka, kapwa sa hayag at sa lihim."

"Patuloy nating inaani ang mga tagumpay na ito, at ngayon," pahabol ni Ka Ermin. "pinagmumulan naman ng sangay ang pakikibaka ng manggagawa para sa CBA (kasunduan ng manggagawa't kapitalista). Sa pamamagitan nito, patuloy na naipapalaganap ang rebolusyonaryong linya ng Partido at higit pang tagumpay ang maani ng rebolusyonaryong kilusan." ●

Gawain sa ideolohiya: Esensyal sa paghubuo ng BHB

ITINATANIM AT NILILINANG
NG PARTIDO
SA BAWAT PULANG MANDIRIGMA
ANG PROLETARYONG PAMANAW.
PANININDIGAN AT PAMAMARAAN.

Sa loob ng isang dampa sa ibabaw ng burol, tinatalakay ng mga kumander at mandirigma ng Agila, isang panlirangang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), ang artikulong "Paglingkuran ang Sambayan." Isa ito sa mga artikulong pinag-aaralan ng platun bilang pagbahanda sa gagawing paglalagon at punahan at pagpuna sa sarili.

Masigla ang palitan ng mga tanong, paliwanag at mga halipbawang paglalarawan sa mga katangian ng mga gerilya ng hukbong bayan. Pagkatapos, sa naganap na paglalagon at punahan, lumitaw na lubu-

sang nangibabaw ang mga kahusayan ng mga Pulang mandirigma sa kahinaan ng lian sa kanila.

Tulad ng mga gerilya ng Agila, ang mga kumander at mandirigma ng BHB sa lahat ng dako ng kapuluan ay makikitaan ng diwa ng pagpapalakas, paglilingkod sa masa, mulat na disiplina at katapangan; pinalalarga nila ang demokrasya sa hukbo, isinasalang-alang ang kolektibong interes, pinatitibay ang pagkakaisa ng masa at hukbo, at nagpapursigi sa pag-aaral at syentipikong pagsisiyasat at pagsusuri.

Proletaryong Ideolohiya

Ang lahat ng ito'y manifestasyon ng proletaryong pananak, paninindigan at pamamaraan na itinatatag at nililipang ng Partido sa bawat Pulang mandirigma. Ang pang-ideolohiyang gawaing ito ng Partido sa loob ng BHB ay pundamental sa paghubue ng isang hukbong tunay na naglilingkod sa bayan at nagpupursigi sa pagtatagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Bilang pangunahing organisasyong masa sa ilalim ng Partido, mas mataas ang pamantayan ng BHB sa pampolitika't makauring kamulatan ng kasapihan nito kung ihahambing sa ibang organisasyong masa. Mas matibay ang pagkakaisa, mas mahigpit ang disiplina at mas mulat ang pakikipagkaisa sa masa ng mga Pulang mandirigma ng BHB. Ang gawaing pang-ideolohiya sa loob ng BHB ay nagsisimula sa antas na mas mataas kaysa karaniwang organisasyong masa. Sa ngayon, mahusay na natutupad ito ng Partido sa higit na nakararaming yunit ng BHB, lalima sa mga yunit na may malaking persyento ng kasapi ng Partido.

Sa kasalukuyang pag-iting ng digwang bayan at mabilis na pagdami at paglaki ng mga ganap na yunit gerilya, lalong tumitingkad ang pangangailangan ng tuluy-tuloy na pang-ideolohiyang gawaing ng Partido sa hukbong bayan.

Tungo rito, tinatitayk ng Partido na kabilang sa programa ng mga yunit ng BHB ang mga aktibidad sa larangan ng ideolohiya tulad ng pag-aaral, paglalagan at

punahan at pagpapa sa sarili.

Pag-aaral

Ang minsan, hinahati ng Agila ang panahon ng pag-aaral--sa umaga, lumalabok sila sa produksyon kasama ang masa, at sa hapon naman, ang pormal na pag-aaral. Sa ganitong paraan, nagiging bahagi ng pag-aaral ang pakikipagkaisa sa masa at pang-ekonomyang aktibidad.

Sa mga pag-aaral, pangunahing rinitiyak na malinaw sa mga Pulang mandirigma ng hukbo ang linya at programa ng pambansa-demokratikong rebolusyon, saligang katangian ng BHB at ng digwang bayan, ang pamumuno rito ng Partido, ang mga tungkulin ng hukbong bayan, ang mga prinsipyong gumagabay sa gawaing pampolitika nito, at ang katangian ng demokrasya at disiplina dito. Sa gayon, nailalatag ang pang-ideolohiyang pundasyon para sa paggaman sa mga tungkulin ng BHB at mahigpit na pagkakaisa sa lahat ng kasapi ng yunit--kumander at mandirigma, komunista at di komunista--at gayundin sa pagitan ng BHB at ng mamamayan.

Pagkatapos ng mga kursong masa at kagay may sapat na kahandaan na ang mga Pulang mandirigma, binibigyan sila ng Batayang Kursong Pampartido (BKP) para lalo pang mapatibay ang pundasyon ng kanilang proletaryong rebolusyonaryong kamulatan. Sa pagsagitan nito, hindi lang napapalalim ang pag-unawa sa lipunan, rebolusyon at Partido, napapaunlad din ang mga proletaryong aktitud at wastong paraan ng pag-lisip at paggawa.



Proletaryong ideolohiya

Ang lahat ng ito'y manifestasyon ng proletaryong pananat, paninindigan at panamaraan na itinatanim at nilililang ng Partido sa bawat Pulang mandirigma. Ang pang-ideolohiyang gawaing ito ng Partido sa loob ng BHB ay pundamental sa paghubog ng isang hukbong tunay na naglilingkod sa bayan at nagpupursigi sa pagtatagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Bilang pangunahing organisasyong masa sa ilalim ng Partido, mas mataas ang pamantayan ng BHB sa pampolitika't makauring kamulatan ng kasapihan nito kung ihahambing sa ibang organisasyong masa. Mas matibay ang pagkakaisa, mas mahigpit ang disiplina at mas mulat ang pakikipagkaisa sa masa ng mga Pulang mandirigma ng BHB. Ang gawaing pang-ideolohiya sa loob ng BHB ay nagsisimula sa antas na mas mataas kaysa karaniwang organisasyong masa. Sa ngayon, mahusay na natutupad ito ng Partido sa higit na nakararaming yunit ng BHB, laluna sa mga yunit na may malaking porsyento ng kasapi ng Partido.

Sa kasalukuyang pag-ipting ng digmang bayan at mahilis na pagdami at paglaki ng mga ganap na yunit gerilya, lalong tumitingkad ang pangangailangan ng tuluy-tuloy na pang-ideolohiyang gawain ng Partido sa hukbong bayan.

Tungo rito, tinitiyak ng Partido na kabilang sa programa ng mga yunit ng BHB ang mga aktibidad sa larangan ng ideolohiya tulad ng pag-aaral, paglalagom at

punahan at pagpuna sa sarili.

Pag-aaral

Kung minsan, hinahati ng Agila ang panahon ng pag-aaral--sa umaga, lumaluhok sila sa produksyon kasama ang masa, at sa hapon naman, ang pormal na pag-aaral. Sa ganitong paraan, nagiging bahag ng pag-aaral ang pakikipagkaisa sa masa at pang-ekonomiyang aktibidad.

Sa mga pag-aaral, pangunahing tinitiyak na malinaw sa mga Pulang mandirigma ng hukbo ang linya at programa ng pambansa-demokratikong rebolusyon, saligang katangian ng BHB at ng digmang bayan, ang pamumuno rito ng Partido, ang mga tungkulin ng hukbong bayan, ang mga prinsipyong gumagabay sa gawaing pampolitika nito, at ang katangian ng demokrasya at disiplina dito. Sa gayon, nailalatag ang pang-ideolohiyang pundasyon para sa paggampan sa mga tungkulin ng BHB at mahigpit na pagkakaisa sa lahat ng kasapi ng yunit--kumander at mandirigma, komunista at di komunista--at gayundin sa pagitan ng BHB at ng mamamayan.

Pagkatapos ng mga kursong masa at kapag may sapat na kahandaan na ang mga Pulang mandirigma, binibigyan sila ng Batayang Kursong Pampartido (BKP) para lalo pang mapatibay ang pundasyon ng kanilang proletaryong rebolusyonaryong kamulatan. Sa pansagitan nito, hindi lang napapalalim ang pag-unawa sa lipunan, rebolusyon at Partido, napapaunlad din ang mga proletaryong aktitud at wastong paraan ng pag-lisip at paggawa.



Sa paglinang ng Partido ng proletaryong aktitud sa mga kumander at mandirigma ng BMB, nabibigyang-lawig ang diwa ng pagtataguyod sa interes ng nakararami at ng kabuuan (sa halip sa interes ng kakamit o ng sarili at ng maliit na bahagi). Sa gayon, naliwasan o naagapan ang mga di-proletaryong tendensya tulad ng indibidwalismo, paglabag sa disiplina, at ang ibang pagkilos nang di ayon sa pang-organisasyong prinsipyong demokratikong sentralismo.

Ang wastong paraan naman ng pag-iisip at paggawa ay nakabatay sa materyalistang diyalektiko. Ito'y mahalagang sandata para maunawaan ang kapaligiran (kalikasan at lipunan) at ang mga pagbabagong rito, kabilang na ang mga pagbabago sa sarili. Mahalagang sandata rin ito sa pang-ideolohiya, pampolitika at militar na gawain ng hukbong bayan. Kayat ipinagugagap ang materyalistang diyalektiko sa mga Pulang mandirigma ng Agila, lalo na sa mga kumakapit sa mga pamahin na nagsisilbing pabigat sa pagkilos nila at maaari pa ngang makaapekto sa mga operasyong militar.

Pinag-aaralan din ng Agila ang mga pahayag ng Partido at BMB, memorandum, panawagan, patakaran at iba pang dokumentong ikinanda ng Komite Sentral at kinatawulang komiteng rehiyon ng Partido. Nililina ng mga ito ang pagbabago sa pampolitika at pang-ekonomyang sitwasyon sa pambansa at panrehiyong saklaw at gayundin ang mga karampatang pagkilos ayon sa mga bagong kalagayan o partikular na sitwasyon. Kaugnay nito, nagkakaroon ng mga diskusyon tungkol sa mahalagang artikulong humalabas sa Ang Bayan at ibang rebolusyonaryong dyaryo.

Tinatalakay rin sa pormal na pag-aaral ang teorya ng digmaang bayan at ilang akda ni Mao Zedong. Maliban sa pormal na pag-aaral, natututo rin ang mga gerilyang bayan mula sa mga impormal na usapan at sariling pagbabasa.

Paglalaran

Ang mga kualamang naibabahagi sa mga Pulang mandirigma sa mga pormal na pag-aaral ay naisasabuhay at napapayaman sa takbo ng pagkilos ng hukbong bayan.

Pagkatapos ng isang takdang panahon, proseso (halimbawa, isang kampanya) o yugto ng isang proseso, nilalaran ang karanasan sa iba't ibang larangan ng gawain-ideolohiya, politika, organisasyon at militar. Ang ganitong paglalaran ay

pagsasapratika mismo ng wastong paraan ng pag-iisip ayon sa proletaryong pananaw, paninindigan at pamamayan. Sa pamamagitan nito, sinusuri at hinahangian ng mga aral ang mga tagumpay, kabiguan at mga suliranin ng hukbo.

Batay sa mga obhetibong pangysyari at karanasan, isang magandang pagkakataon din ang paglalaran upang mapabulaanan ang mga pamahin. Sa gayon, lalong napapalunayan ang katumpakan ng materyalismo.

Nag-iumpisa nang idas sa mga rehiyon ang mga pagpopulong ng mga pinunong pampolitika ng mga ganap na yunit gerilya ng BMB upang lagumin ang pang-ideolohiyang gawain sa hukbo sa saklaw ng rehiyon. Sa ganitong pagpapalitan ng karanasan, higit pang nalipipirmi ang mga positibong bagay at natututo ang isa't isa sa mga abanteng karanasan sa larangang ito ng gawain sa hukbo.

Punahan at pagpuna sa sarili

Pinagtutumanan ng punahan at pagpuna sa sarili ang indibidwal na kilos at aktitud na nakakaapekto sa pagkakaisa at paggaganap sa tungkulin ng buong yunit.

Bukod sa pormal na punahan, nagaganap din ang ispontanyong punahan, na magap na tumutuwid sa anumang kahinaang napapansin.

Sa karamihan ng kaso, maka prinsipyo at hindi personal ang pagtukoy sa mga kahinaan, kayat hindi ito nagiging pabigat sa kalooban ng pinopuna. At dahil na rin sa mahusay na pagtataguyod ng demokrasya sa mga yunit ng BMB tulad ng Agila, nabawasan na ang tendensya ng mga mandirigma na mag-atubili sa pagpapunabot ng puna sa mga pinuno.

Nakagawian na rin ng Agila na manghingi ng puna at mungkahin mula sa masa sa mga baryong tinitigilan nito. Kung may kahinaang natutukoy ang masa, agad itong itinutuwid nang sa gayo'y manatiling maligpit ang pagkakaisa ng hukbo at ng mamamayan.

Ang patuloy na pagkalinga ng parami nang paraming mamamayan sa hukbong bayan ay resulta ng mahusay na gawain sa ideolohiya ng Partido sa loob ng hukbo. Sa mga rin nito ang patuloy na pag-aaral ng tagumpay at patuloy na paglalaran ng BMB.

Sa bida ng pang-ideolohiyang pamamuno ng Partido, isang puso't isang diwang sumulong ang Hukbong Hukbong Bayan tungo sa ganap na tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon.



REBOLUSYONARYONG DYARYO

Bandila ng Pagsulong

Malakas na binabasa ni Mang Sensio ang bawat salita habang binabaybay ng daliri ang bawat linya ng artikulo sa dyaryo. Nabagal ang kanyang pagbabasa subalit sa riyaga'y natapos din niya ang artikulong pinamagatang "Rebolusyonaryong Pagbubuwis." Pagkatapos ng ilang sandaling katahimikan, nagtanong ang isang miyembro ng komiteng pang-organisa. Nagsimula ang talakayan.

Nitong nakaraang ilang buwan, regular na idinadaos ng grupo ni Mang Sensio ang "talakayang-dyaryo." Buwan-buwang dumadating ang kopya nila ng panrehiyong rebolusyonaryong dyaryo, at sa bawat isyu ay kadalasang may isa o dalawang paksa na mahalagang talakayin. Sa pinakabuling isyu na natanggap ng grupo ni Mang Sensio, may artikulo tungkol sa rebolusyonaryong pagbubuwis at isa pang artikulo tungkol sa pag-eksport ng rehimen ng paggawa.

Inuna nilang pag-usapan ang tungkol sa pag-sabod ng mga manggagawa, dahil tamang-tama naman ay nagsisipag-uwian na para sa Pasko ang marami nilang kababaryong nagtatrabaho sa Saudi Arabia.

Naobserbahan ni Mang Sensio na mula nang nagkaroon sila ng mga "talakayang-dyaryo," lalong naging mabunga ang mga pulong ng komiteng pang-organisa.

Nangungunang anyo

Matagal nang ginagamit ang mga ilegal na rebolusyonaryong dyaryo para pagbatayan ng talakayan. Habang nagiging regular ang labas ng mga panrehiyong dyaryo, nagiging regular na aktibidad din ang mga "talakayang-dyaryo" sa mga ganap na samahang masa, mga komiteng pang-organisa at grupong pang-organisa.

Ang iba pang gamit ng rebolusyonaryong dyaryo ay tumitingkad na rin sa mga organisasyong masa. Ginagamit nila itong gamit sa paggawa ng mga talusapat at pagdadagat ng mga pulong masa. Ang mga dyaryo ay ginagamit ding sanggunian sa pagsusulat ng mga manipesto. Mas laganap ang paggamit ng mga rebolusyonaryong dyaryo para ipopularisa ang mga rebolusyonaryong awitin at tula.

Para kay Mang Sensio, may partikular na pakinabang at gamit ang dyaryo sa kasilang gawaing propaganda at pag-organisa. "Kapag binabasa ko ang dyaryo, para na ring nakausap ko ang maraming katawa na kumikilos sa iba't ibang lugar. Matapos magbasa, mas may kumpanyansa akong magpaliwanag sa ibang mga magsasakang balak naming irikrot sa samahan (Samahan ng Malabayang Magsasaka o SMM)."

Ang iba't ibang gamit na ito ng rebolusyonaryong dyaryo ay nagpapakita ng papel nito sa gawaing propaganda. Habang lalong lumalakas at napapanday ang rebolusyonaryong puwersa at lalong nahihihinalay ang kasway, lalo namang nagiging mahalaga ang gawaing propaganda. Ang rebolusyonaryong dyaryo ang nangunguna sa iba't ibang anyo ng propaganda. Binibigyan nito ng direksyon ang iba pang anyo ng propaganda, pasalita man o nakasulat.

May partikular na bisa ang dyaryo bilang paraan ng pagpapahayag. Naihatid nito ang rebolusyonaryong mensahe sa eksakto at di pabagu-bagong paraan sa pinakamaraming magsasaka.

Sandatang pampolitika

Ang nangungunang papel ng rebolusyonaryong dyaryo bilang sandatang pampolitika

tika ay itinatagda ng lugar nito sa unahan ng kilusang masa at ng mahigpit na ugnayan nito sa malawak na masa. Bagdag pa, hindi nadidiktahan ng kaaway ang laman ng iligal na rebolusyonaryong panyagan.

Paliwanag ni Mang Sensio: "Batay sa dyaryo, natalakay namin ang tungkol sa mga baseng militar ng US, sa reaksyonaryong AFP, sa proseso ng pagpapahaba ng upa sa lupa, at sa pakikidigmang partisano. Maraming bagong bagay ang naidagdag sa mga nakuha na namin sa kursong pag-aaral noong isang taon. Mas kongkreto, mas masaklaw at mas malalim ngayon ang ating pag-unawa."

Sa pamamagitan ng mga rebolusyonaryong dyaryo, lahatang-panig na naihatid ang mga usaping pampulitika kay Mang Sensio at sa daanlibong organisadong masa tulad niya. Sa pamamagitan ng mga sariwang balita at mga komentaryo sa iba't ibang kongkretong pangyayari't sitwasyon, nabibigyan ng mga rebolusyonaryong dyaryo ang masa ng malinaw na pagkaintindi sa kaaway at mga kilos nito. Ibinabalita nito ang mga pangyayari kapwa sa lokal at pambansang sekaw at ipinag-uugnay ang mga ito. Ipinapakita ng dyaryo sa masa kung papaano mabilis na mahaharap sa paraang rebolusyonaryo ang iba't ibang usapin at ang iba't ibang pangyayari sa paligid nila at sa buong bansa.

Bukod sa lahatang-panig na paghaharap ng mga usaping pampulitika, daluyan din ang dyaryo sa pagpapaliwanag ng mga programa at patakaran ng Partido. Sa paglalahad ng mga halimbawa, karanasan at tumpak na pagsusuri, nakapagbibigay ang dyaryo ng direksyon sa mga gawain, at nailililaw nito't nabibigyang-buhay ang mga tungkulin, patakaran at pamamaraan sa iba't ibang lugar at linya ng gawain.

Sa usaping pang-organisasyon, maraming aktibidad ang nakapalibot sa dyaryo. Ang mga aktibidad, mula koresponsal at paghahanda hanggang sa pag-iimprenta at distribusyon, ay nagpapaunlad sa kasanayan ng masa at nakakatulong sa pagpapalawak at konsolidasyon ng kanilang mga samahan. Lalo pang nakakatulong ito kapag regular ang labas ng dyaryo at regular na rin ang mga aktibidad na nakapalibot dito.

Kung susumahin, ang mga rebolusyonaryong dyaryo ay nakakatulong sa mga organisasyong masa sa pagpapalalin ng pagkaintindi sa kalagayan at programa, sa paggabay sa kanila sa paggawa at pagtupad ng mga balak, sa pagsasanay sa kanila sa kolektibong paggawa. Pinalalakas

ang tiwala nila sa sarili at sa rebolusyonaryong kilusang sumusulong sa buong bansa at buong daigdig.

Pagpapalano sa distrito

Dahil gagawin ang kahalagahan at papel ng rebolusyonaryong dyaryo, masiglang pinalalakas ngayon ng mga panrehiyong organo ang istap ng kani-kanilang dyaryo. Nagiging regular ang labas ngayon ng mga dyaryo, at ang nilalaman ay higit na mayaman, masaklaw at malalim.

Ngunit kailangang masabayan ng ketulong na pag-ayos ang pagsisikap na ito. Ang mahusay na pag-iimprenta, distribusyon at pagpapadala ng balita at komentaryo mula sa mambabasa (feedback) ay mga esensyal na aspeto ng pagpapaunlad sa panrehiyong dyaryo. Sa mga tungkuling ito, mahalaga ang papel ng mga pandistritong organisasyon ng Partido.

Ang mga operasyon ng kaaway at ang mga konsiderasyong pansiguridad ay nagtatakda ng restriksyon sa daloy ng mga suplay para sa produksyon gayundin sa daloy ng distribusyon at feedback. Problema pa rin sa ilang lugar ang kakapusan sa pinansya at kagamitan. Sa marami pa ring pandistritong organisasyon ng Partido, bitayp pa lang ang tanging paraan ng pag-iimprenta, at kailangan pa nilang likhain ang sistema na mga makinang masyo ang pangunahing gagamitin, at pansuplemento o pangkagipitan ang bitayp.

Kailangan pang isagawa sa karamihan ng distrito ang pagbuhay at pagmamantini ng mga ispesyalisadong lambat para sa produksyon, distribusyon at koresponsal. Sa ngayon, karamiwan kinakarga ng mga pandistritong organisasyon ng Partido ang mga tungkuling ito bilang mga sekundaryong gawain, kasabay ng iba pa.

Kabit may ganitong mga balakid at limitasyon, mahusay na natutupad ang mga tungkulin ng paparaming distrito. Sa mga pook na ito, ang pandistritong organisasyon ng Partido ay lubos na nagpapahalaga sa sistematike at regular na pagpapalano, gayundin sa determinasyon, pagiging mapanlikha at mobilisasyon ng mga organisasyong masa, para mapasulong ang rebolusyonaryong dyaryo.

Inilalarawan ng rebolusyonaryong dyaryo ang kalagayan, pagkakaisa at lakas ng masa, at ginagabayon sila sa kanilang pakikibaka. Kayat itinatuturing ng masa na sarili nila itong dyaryo. Dahil hindi pa sila nagkaroon ng sarili nilang dyaryo sa nakaraan, pinahahalagahan nila ito ngayon. Ginagawa nila ang lahat para patingkaran ang kanilang suporta at partisipasyon sa lahat ng aspeto ng gawaing pandyaryo.

Pagkilos ng 54,000

Mahigit 54,000 tao ang lumahok sa 22 aksyong masa sa Hilagang Sentral ng Mindanao noong Abril-Setyembre 1982, ayon sa Lingkawas, ang rebolusyonaryong pahayagan sa rehiyon.

Sa unang isyu ng dyaryo nitong Oktubre, ibinalita rin ang tatlong taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan sa Bukidnon noong Agosto. Sa reyo, ambus at operasyong isaparo sa mga bayan ng Quezon at Valencia, 12 malaliskas na riple ang nasansan ng mga gerilyang bayan.

Noong Mayo, 29 na malaliskas na riple ang nakumpiska mula sa mga CHDF sa tatlong baryo ng Quezon at Dingilan.

Ang mga aksyong masang inilalat ay naganap sa Iligan City (8 mobilisasyon), Cagayan de Oro City (5), Marawi City (5) at mga bayan ng Kolambugan, Maranding at Tubod sa Lanao del Norte, at Balingasag at Lugait, Misamis Oriental.

Ipinahayag ng mga manggagawa, sagasa-saka, istudyante, guro, taong simbahan, propesyonal at iba pa ang paninindigan nila sa mga usaping gaya ng karapatan ng manggagawa, baseng militar ng US, pagdiraos ng eleksyon sa "awtonomong guberno" ng Rehiyon 9 at 12 ng rehimen, karapatan ng istudyante, at pang-aabuso ng pasistang militar.

Kabilang sa mga aksyong masa ang mar-tsa-rali ng 10,000 magsasaka sa Tubod, Lanao del Norte, noong Hulyo 6. Nilalaban nila ang tangkang palayasin sila sa lupa. Inaangkin ni Cub. Arsenio Quibrante ang mahigit 3,000 ektaryang gagawin daw rantso at plantasyon.

Aksyong masa

Nagrati leban sa pasistang karahasan ang may 2,500 mamamayan sa Mountain Province at Abra sa Hilagang-kanlurang Luzon, noong Oktubre.

May 2,000 taga-Besao, Sagada at Bontoc, mga bayan ng Mountain Province, ang nagdaos ng martsa at rali sa Besao noong Oktubre 10. Tinuligsa nila ang mga pasistang karahasan, kabilang ang pagpatay ng PC sa isang magsasaka. Nagmartsa pa sila patungo sa kampo ng 621st PC Coy at sumigaw ng "Soldados, apawidkayo!" (mga sundalo, umpwi na kayo!).

Sa Abra naman, nagmartsa noong Oktubre 3 ang may 500 mamamayan patungo sa

munisipyo ng Manabo, para tuluyin ang pandarahas ng pasistang militar. Ang mga nagmartsa ay nanggaling sa Manabo at mga kalapit-bayang luga at Tubo.

Ambus sa Bikol

Isang pinuno ng batalyon ng Philippine Army ang napatay ng mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan nang ambusin nila ang dyip na kanyang sinasekyan noong Setyembre 12 sa Bato, Camarines Sur.

Ang napatay sa ambus ay si Tinylene Koronel Jose Laherente, pinuno ng 564th Engineering Construction Battalion (ECB) na nakadestino sa Bato. Kasama niyang napatay ang isang medyor, dalawang sarhento at isang sundalo. Nakasansan ang mga Pulang-mandirigma ng dalawang M-16.

Ilang beses nang sumama sa mga operasyon ang mga sundalong kabilang sa 564th ECB. Kasama rin sila sa pang-aabuso sa mga mamamayan dito.

Operasyong militar

Malong pasistang tropa ang napatay at dalawa pa ang nasugatan ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Kalinga-Apayao, Ilocos Sur at Abra noong Setyembre at Oktubre.

Apat na sundalo ng 48th IB (PA) ang napatay sa pag-iisnapp ng mga gerilya sa ilog sa Tanudan, Kalinga-Apayao, noong Oktubre 18. Dalawang sundalo na kabilang sa isang 20-kataong pangkat ng PC-INP-CHDF ang napatay ng BHB sa Lidlidda, Ilocos Sur noong Setyembre 14. Ang nangangiti na mga aksyong militar ay isinagawa ng BHB sa gitna ng kampanyang pangungubkob ng kaaway.

Dalawa pa ang napatay sa ambus ng BHB sa Matibcong, Abra, noon ding Setyembre. Nakakumpiska sa kanila ng isang M-79 grenade launcher at dalawang ripleng M-16.

'We Forum'

Malawakang protesta na tinampukan ng 3,000-kataong rali ng mga organisasyon ng tagamidya at ibang sektor ang nagpuwersa sa pasistang diktador na pansamantalang palayain ang editor at istap ng We Forum.

Patuloy na panunupil sa kalayaang magpahayag ang kinondena ng rali sa harap ng Camp Aguinaldo noong Disyembre 10, araw ng pagdiriwang ng Universal Declaration of Human Rights.

Iginilit ng mga lokal at dayuhang organisasyon ang pagpapalaya sa mga inaresto. Kabilang sa mga organisasyong ito ang National Press Club of the Philippines, Women in Media Now, Manila Critics Circle, College Editors Guild of the Philippines, Philippine Journalists Union, Business Day Reporters Guild, MSJ staff, National Bar Association, UP Writers Club, AFREUP, PEN Philippine Center, PEN American Center at ang International Press Institute.

Pansamantalang pinalaya ang editor ng WE Forum, Jose Burgos Jr. at 14 pang iba noong Disyembre 15. Kasama si Joaquin P. Roces, dating pablisar ng lumang Manila Times, inaresto sila noong Disyembre 8 matapos nilang ilabas sa WE Forum ang serye ng mga artikulo na naglalantad sa mga buwad na medalyang pandigma ni Marcos. Akusado sila ngayon ng "suberayon" at "pagsasabwatan sa pang-uudyok, sa pamagitan ng paninira, na patayin ang Presidente."

Pagpapakagutom

Mahigit 70 detenidong pulitikal sa Metro Manila ang muling gumamit sa pagpapakagutom bilang sandatang pampolitika.

Ang mga detenidong pulitikal sa Camp Bagong Diwa (nasa Bicutan, Taguig), Camp Crame at Bagumbayan (nasa Quezon City) at Fort Bonifacio (Makati) ay nagsimulang mag-ayuno noong papatapos ang Nobyembre, at iniangat ito sa antas ng hunger strike (ganap na pagpapakagutom) ngayong Disyembre.

Iginilit ng mga detenido na: palayain ang mga ipinag-utos nang palayain ng korte, mga bumubuhay ng pamilya, mga rekomendado na ng Ministri ng Pambansang Depensa, at mga nakulong na nang napakararaming taon; itigil ang tortiyur at hiwalay at nag-iisang pagbibimbis; at isa ma ang nakahiwalay at nag-iisang mga detenido sa nakararaming detenidong pulitikal.

Naglaos ng pakikisang pag-ayuno ang mga kamag-anak at kaibigan ng mga detenido, gayundin ang ilang mga istudyante ng Unibersidad ng Pilipinas.

Quezon Institute

Nagdemostrasyon ang 400 pasyente, nars, doktor at empleyado ng Quezon Institute (QI) noong Disyembre 15 sa harap ng ospital bilang protesta sa balak na isara ito. Ang QI ang pangunahing ospital sa Pilipinas para sa mga maysakit ng tuberkulosis o TB.

Ititigil ang operasyon ng ania na departamento ng QI sa katapusan ng 1982 bilang panimulang hakbang sa balak na tuluyang isara ito. Wala raw pera ang rehimen para isustento sa ospital na 72 taon nang naglilingkod sa publiko. Samantala sa pandispley na Lung Center, na binuksan para sa mga maysakit sa baga, kaunti lang ang rinatanggap na pasyenteng may tuberkulosis.

Ang tuberkulosis ay isa sa mga sakit na ikinamamatay ng pinakamaraming Pilipino. Laganap ito pangunahin dahil 70 porsyento ng mamamayan ay kulang na kulang sa masusustansyang paghain. Sa buong Asya, ang mga Pilipino ang may pinakakaunting nakakain.

Samantalang ang pasistang militar ay may badyet na halos P23 milyon araw-araw, ang badyet ng QI para sa buong 1982 ay mahigit lang P1 milyon.

Argentina

May 100,000 mamamayan ng Argentina ang nagdaos ng martse-rali sa Buenos Aires nitong Disyembre 15 para igili na magbitiw ang pasistang gubyernong militar. Dinaduhong nila at pinagbabuto ang palasyo ng presidente. Marahas na sinupil ng pulisya ang mga nagtrali-marani ang nasugatan at may 120 ang inaresto.

Bago nito, noong Disyembre 6, tumigil sa trabaho nang 24 oras ang 90 porsyento ng manggagawa sa Argentina bilang protesta sa mababang sakod at pang-abuso sa mga karapatan ng mamamayan. Hiningi rin ng aliyam na milyong manggagawa na wakasan ang paghaharing militar at kagay at na buuin ang bagong gubyernong lalaking ibang ibang puwersang pampolitika sa bayan.